

# Chapter One



“It’s not you, it’s me.”

Parang gustong magmura ni Athena nang marinig ang gasgas na linyang iyon galing sa boyfriend niyang si Randolph.

Sa pagkakataon na iyon, gusto niyang hanapin ang Poncio Pilatong nagpauso ng linyang iyon na pambanat ng mga lalaking gustong makipag-break.

Ang galing pa ng acting ng damuho, pang-FAMAS na para namang nalulungkot ito na maghihiwalay sila.

Kung hindi lang niya napigilan ang sarili, malamang naihambalos na niya rito ang mesang mahigpit niyang hawak.

Huminga siya nang malalim at napadasal sa lahat ng santong kilala niya para bigyan siya ng mahabang pasensya para sa lalaking kaharap.

Pinakalma ni Athena ang sarili, hindi niya ito dapat bigyan ng kahit anong satisfaction mula sa magiging reaksyon niya. Walang karapatan ang manlolokong ito sa kahit isang patak ng luha mula sa kanya.

“Naiintindihan ko, thank you for wasting two years of my life with you.”

“Babes, ’wag mo namang sabihin ’yan.” Pilit nitong ginagap ang kanyang kamay pero nanatili lang iyong nakahawak sa mesa.

*Ang kapal ng mukha, ang sarap ingudngod sa plato!* Sa isip niya ay nakagawa na siya ng sandaang beses na paraan kung paano papatayin ang dating kasintahan.

“Randolf, ’wag na tayong magg\*guhan, pareho nating alam kung bakit tayo maghihiwalay. Tama na ’yang it’s-me-not-you mong linya dahil hindi ’yan gagana sa ’kin.”

Nakita niya ang naguguluhang tingin ng kausap, ang galing talagang umarte!

“Athena, ’wag mo naman akong ipahiya, wala akong ginagawang masama.”

Ngumiti ang dalaga, isang malupit na ngiti,

bago kinuha ang cellphone at ipinakita rito ang mga larawang siya mismo ang kumuha. “Mahiya? Marunong ka pala n'on? Pagkatapos mo 'kong lokohin nang dalawang taon dahil sa isang kaladkaring babae? Ngayon, sino sa atin ang walang ginagawang masama? 'Wag ako.”

Nakita niyang namutla ang lalaki at napalunok pero sinubukan pa ring magpalusot.

“Hindi ako 'yan, baka naman *Photoshop*-ed lang 'yan! Besides, faithful akong boyfriend kaya bakit kita ipagpapalit sa iba?”

Kung umamin lang ito, madali sana niya itong mapapatawad. Pero mukhang hanggang sa huli ay gagawa at gagawa ito ng paraan para lang hindi rito masisi sa kasalanang nagawa nito.

“T\*rantado, ako mismo ang kumuha ng pictures na 'to! At akala mo ba, hindi ko alam ang mga conversations n'yo sa text at chats?” Marahas siyang tumayo mula sa kinauupuan. “A cheater will always be a cheater.”

Nahagip ng kamay niya ang isang baso ng wine at isinaboy niya ang laman niyon sa mukha ng ngayon ay ex-boyfriend na niya.

Pabagsak na ibinaba ni Athena ang baso saka taas-noong naglakad palayo roon. Sayang ang napakaganda niyang dress kung hindi niya

irarampa, lalo pa't maraming tao ang nakatingin sa kanya.

And so with pride, ease and grace, she exited in the restaurant.



Padabog na ibinaba ni Athena ang hawak na shot glass matapos mainom ang pangalawa niyang order ng tequila.

Napadpad siya sa isang bar sa Makati pagkatapos niyang paliguan ang ex-boyfriend ng wine. Sayang kasi ang #OOTD niya kung ang ending ay uuwi lang siya ng bahay.

Mabuti na lang talaga at naisipan niyang mag-ayos dahil hindi siya ang klase ng babae na iiyak lang sa isang tabi matapos lokohin at hiwalayan ng ex niyang walang kuwenta.

Hindi siya naglalasing dahil brokenhearted siya. Naglalasing siya bilang selebrasyon ng panibagong yugto ng kanyang buhay. Isa pa, hindi siya mag-aaksaya ng panahon para magpakalango sa alak para lang sa lalaking nanloko lang sa kanya. Matapang si Athena at wala sa lahi nilang mga Mendoza ang umiiyak lang at nagmumukhang kawawa sa tabi.

Um-order siya ng isa pang tequila saka itinaas sa ere. "Cheers to a new beginning."

Mukha man siyang tanga sa pinaggagagawa ay wala siyang pakialam. Kapag may sumita talaga sa kanya, baka makatikim ng mabagsik na litanya.

Pagkatapos maubos ang laman ng shot glass, naglapag siya ng pera sa counter at nagpasya nang umalis.

Pagkababa ng high stool na kinauupuan ay parang umikot ang mundo ni Athena. Gusto niyang pumalatak, pero in the first place, kasalanan naman niya ang nangyayari. Hindi naisip ng dalaga na iba pala ang tama ng tequila kompara sa mga ladies drink na naiinom niya kapag may mga espesyal na okasyon.

Sandal siyang huminto at nangmasiguradong hindi na umiikot ang kanyang paningin ay tuluyan na siyang lumabas ng bar.

Tumingin ang dalaga sa relo at napansin na hatinggabi na pala, madalas na ayaw niyang umabot ng dis-oras ng gabi sa labas dahil delikado nang magbiyahe sa ganitong oras.

Labag man sa loob ay walang nagawa si Athena kundi kumuha ng taxi. Dakilang kuripot siya, pero alam niya na kahit anong gawin niya ay hindi naman niya madadala ang pera niya sa hukay. Security first, compute na lang later.

Takot lang niyang magkaron ng gripo sa tagiliran. Mukha pa man din siyang yayamanin sa suot niya ngayong gabi; mahirap na.

Ang kaso, mukhang malakas talaga ang tama ng ininom niya dahil nagsimula ulit siyang maliyo at namimigat pati ang mga mata niya. Pambihira talaga, may sa demonyo yata ang gumawa ng alak na iyon.

Ipinilig niya ang ulo saka lang niya napansin na green na ang ilaw. Ang kaso, bago pa siya tuluyang makatawid ay bumigay na ang mga tuhod niya. Sunod niyang narinig ay ang malakas na busina ng sasakyan at ang pagsagitsit ng gulong.

Nahiling ni Athena na sana paggising niya ay hindi pa siya makikipag-conference kay San Pedro dahil lang sa kagagahan niya.



Isang malutong na mura ang pinakawalan ni Dan kasabay ng mabilis na pagpreno dahil sa isang tangang babaeng tumatawid sa maling ilaw ng stoplight.

Alam niyang hindi niya ito nasagasaan pero hindi pa rin tumatayo ang babae. Pasalamat na lang siya na hating gabi na at walang mga usisero sa paligid, kung nagkataon, baka siya pa ang

sisihin sa nangyari.

Napapalatak siya habang tinatanggal ang seatbelt. Umibis siya mula sa kanyang sasakyan. Kapag minamalas ka nga naman... Kaya nga niya iniwan si Renz sa *Cosmic Bar* para makapagpahinga nang maaga, pero ito naman ang nangyari.

Napasulyap si Dan sa paligid; mukha namang walang kasabwat ang babae kung sakali mang isang *modus operandi* ang ginagawa nito.

“Miss?” tawag niya pero hindi pa rin ito natinag. Lumapit siya para lang malukot ang mukha nang maamoy ang alak sa hininga ng estranghera. Ilang beses niyang sinubukang gisingin ito pero hindi ito natinag.

Napailing na lang siya saka ito pinangko at ipinasok sa kotse. Hindi na siya nag-abala pang tingnan ang mukha ng babae.

Binuksan niya ang maliit nitong hand bag pero maliban sa pera at isang lumang cellphone ay wala na itong pagkakakilanlan.

Dinampot niya ang cellphone at binuksan para lang malaman na naghahanap iyon ng pin code. Frustrated na napabuga siya ng hangin. Pambihira, mukhang nakadampot pa yata siya ng isang nawawalang kuting.

Ah, ewan! Bukas na lang niya ito kakausapin kapag nagising na. Pagod na siya at kaysa makulta ang utak niya kakaisip kung paano ang gagawin sa babaeng ito.

Ang akala pa naman niya, nakatakas na siya sa isang pasaway. Iyon pala, may sasalubong din sa kanya na bago. Dapat pala nanahimik na lang siya sa kusina.

Iling-iling na pinaandar na ni Dan ang kotse pauwi.



Pagmulat ni Athena ay sumalubong sa kanya ang isang di-pamilyar na kisame. Mga ilang segundo rin ang lumipas bago trumehistro sa kanyang isip na wala siya sa sariling kuwarto.

Nanlaki ang kanyang mga mata sabay balikwas ng bangon... para lang mapadaing nang maramdaman ang kirot sa sentido.

Isinusumpa niya talaga ang tequila na iyon, nakakasira ng buhay. Nang mahimasmasan ay sinipat niya ang sarili at agad na makahinga nang maluwag nang ma-realize na suot pa rin niya ang kanyang dress kagabi, maliban sa wedges niya na nang hanapin ay maayos na nakasalansan sa tabi ng kama.

Noon lang niya napansin ang isang tray



sa bedside table. May maliit na note doon na nagsasabing inumin niya ang gamot na siguradong para sa hangover. Agad niya iyong isinubo saka ininom ang tubig sa baso.

Nang tuluyang magising ang diwa, iginalala ni Athena ang tingin sa paligid. Malawak ang kuwarto, kaya pala pakiramdam niya ay para siyang lulubog anumang oras dahil sa lambot ng kama.

Wall to wall ang carpet at minimalist ang design ng kuwarto. Doon pa lang, alam na niyang isang lalaki ang may-ari niyon.

Gusto niyang batukan ang sarili sa ginawa niyang kagagahan. Nakaistorbo pa tuloy siya ng ibang tao. Nakakahiya.

Bumangon na ang dalaga, isinuot ang wedges, bago inabot ang bag niya na nakapatong sa bedside table.

Naipikit ni Athena ang kanyang mga mata. Siya ang may kasalanan kaya dapat siguro mag-sorry at magpasalamat siya sa taong naistorbo niya kagabi, sa pag-aalaga nito sa isang lasing na hindi nito kilala. Kung ibang tao siguro iyon, baka iniwan lang siya sa tabi ng kalsada or worse...

Ipinilig niya ang ulo saka huminga nang malalim. Gagawin muna niya ang dapat bago

umalis.

Naramdaman ng dalaga ang tila pumipitik na sakit sa kanyang sintido. Isusumpa talaga niya kung sino man ang nakaimbento ng kasumpa-sumpang nalaklak niya nang nakaraang gabi.

Pinakalma ni Athena ang sarili bago binuksan ang pinto. Agad na nanuot sa kanyang ilong niya ang amoy ng nilulutong pagkain. Hindi niya maiwasang matakam lalo pa't hindi siya nakapaghapunan nang nakaraang gabi.

No wonder mabilis siyang tinamaan sa nainom, hindi nga pala siya nakakakain. Sige, tatanggalin na niya ang sumpa sa tequila, iyong sumpa na lang sa ex niyang ugok ang valid at irrevocable.

Sinundan niya ang masarap na amoy at narating ang kusina ng sa tingin niya ay isang condo unit.

Bumungad kay Athena ang isang nakatalikod na lalaki. Malapad ang mga balikat nito at matangkad na sa tingin niya, kapag nagtabi sila ay magmumukha siyang unano sa height niyang 5'4".

Hinagod niya ng tingin ang likod nito saka napakagat-labi, lalo nang bumaba ang tingin niya sa pang-upo ng estranghero.

*Jusme maghunos-dili ka, Athena! Umagang-umaga para kang manyak, kastigo niya sa sarili.*

Nang akala niya ay nabawi na niya ang composure na tumakas, humarap sa kanya ang lalaki.

*Hallelujah! There is a god!*

Kung likod pa lang nito ay ulam na, ngayong humarap ito ay para na siyang may full course meal with matching dessert.

Hindi yata sapat ang salitang 'guwapo' para sa lalaki, daig pa nito ang *Adonis* na bumaba sa lupa. Hindi niya tuloy maiwasang maitanong sa sarili kung saan ito naglungga at ngayon lang nagpasilay sa isang mortal na gaya niya.

Mas lalo pang umigting ang naamoy niyang bango ng pagkain.

Wala sa loob na pinunasan niya ang bibig. Wala namang tumulong laway. Good, hindi siya mukhang tanga sa harapan nito. As if hindi pa siya mukhang tanga nang tumunganga sa kaguwapuhan nito.

Tumikhim si Athena para hamigin ang sarili. Ibibuka pa lang ang bibig nang biglang nag-ingay ang kanyang tiyan.

Isang alanganing ngiti ang ibinigay niya sa estranghero kung bakit kasi walang pakisama

ang tiyan niya, pambihira.

“Eat,” sambit nito sa baritonong boses.

Napakagat siya ng labi, nag-aalangan. Natatakam talaga siya sa pagkain pero nakakahiya kung pati sa almusal nito ay makikihati pa siya.

“Eat, don’t make me repeat myself.” Siyempre binanatan na siya ng English kaya mabilis pa sa alas kuwatro na dumulog siya sa kitchen counter.

Naamoy niya ang freshly brewed coffee, fried tocino, sunny side up, fried rice at sliced fruits. Napalunok si Athena saka inabot ang kutsara at tinidor bago inumpisahang lantakan ang almusal.

Ngayon na lang ulit siya nakakain ng lutong bahay kaya sinulit niya ang pagkain, siniguradong walang tira. Hindi na tuloy niya naintindi ang lalaking tahimik lang na nakamasid sa kanya habang iniinom ang black coffee nito. Saka lang niya naalala na hindi nga pala niya inaya ang lalaki na sabayan siya sa pagkain.

“Sorry, naubos ko na. Anyway, thank you sa pagkain, ang sarap.” Alanganing ngiti ang ibinigay niya rito pero hindi man lang ito nagsalita at patuloy lang na nakatingin sa kanya. Mukha ba siyang specimen sa microscope?

Pero pakiramdam ni Athena, ito ang klase ng

lalaking bigla na lang nagbubuga ng apoy oras na magalit. Halata ring suplado dahil ni hindi man lang nag-abalang tanungin siya habang kumakain.

Tumango lang ito at feeling niya, iyon na ang cue niya para umalis. Sa huling pagkakataon ay gusto sana niyang magpasalamat dito kaya nang humarap siya sa direksyon ng lalaki ay tumama ang kanyang mukha sa matigas na bagay.

Sapo ang nasaktan niyang ilong, tumingala siya para lang ma-realize na sumunod pala sa kanya ang lalaki.

Ang tangkad talaga nito na pakiramdam niya ay magkakaroon siya ng stiff neck kapag kinausap niya ito sa ganoong posisyon. Pero mas natuon ang pansin niya sa panlalaki nitong amoy; tila ang sarap nitong singhutin araw-araw.

Agad niyang inihinto ang naiisip. Mukhang nadededemonyo na naman ang utak niya at kung magkataon, baka makasuhan pa siya ng sexual harassment.

Isang ngiti ang ibinigay niya rito. “Hi.” Pero mabilis na nauwi iyon sa ngiwi nang hindi man lang siya kinibo ng poging estranghero.

“Thank you nga pala sa free board and lodging. Paano nga pala ako napunta dito?”

“Nakatulog ka habang tumatawid, di ko alam kung saan ka nakatira kaya dinala kita dito,” walang emosyong anito.

“Hayaan mo, babawi ako.”

“No need, sa susunod siguraduhin mo lang na hindi na ’to mauulit.”

Binuksan nito ang pinto sa likuran niya at daig pa niya ang kuting na basta na lang nito initsa sa labas. “I just hope we won’t cross paths again.” Bago pa siya makahuma ay isinara na nito ang pinto sa mukha niya.

Shocked siyang napatitig sa nakasarang pinto. “Ang guwapo mo nga, ang sungit mo naman!” bulalas ni Athena.

Grabe naman. Alam niyang kasalanan niya kung bakit naging ganoon ang kanyang ending, pero sana pinaalis siya nito nang maayos. Nakakaasar lang.

Napatingin siya sa numero ng pinto, saka napangisi sa kalokohang naisip. Pinaikot niya ang number nine para maging six.

Umismid siya saka nagdesisyon na umalis na. Tinungo niya ang elevator at doon nakasalubong ang isang lalaki. Napakurap siya; mukhang masuwerte siya ngayong araw dahil hindi lang isa kundi dalawa ang nasilayan niyang guwapo.

Lihim na napangisi siya sa naisip saka pumasok sa elevator habang lumabas naman ang lalaki. Hindi na siya nag-abala pang alamin kung saan ito pupunta.

Nasa lobby na siya nang ma-realize na nasa Ortigas siya at hindi niya alam kung saan sasakay para makauwi sa inuupahan niya sa Cubao.

Ang akala pa naman niya ay nakamernos siya ng gastos, wala rin pala. Napapalatak siya.

Itinaas ni Athena ang kaliwang kamay sabay sigaw, "Taxi!"

# Chapter Two



“**K**ailangan mo ba talagang umalis, Athena?” Iyon ang tanong sa kanya ng katrabaho at kaibigang si Iona nang tuluyan na niyang ibigay ang resignation sa may-ari ng *Sweet Dosage* kung saan siya nagtatrabaho bilang pastry chef.

“Kung makapagsalita ka naman, akala mo hindi na tayo magkikita,” biro niya habang hinahalo ang frosting na ilalagay sa huling cake na gagawin niya sa shop.

“Eh kasi naman! Kasalanan ng tinamaan ng magaling na Randolph na ‘yon! Sayang ang pambibuild up ko sa hinayupak.”

“Oo, move on na tayo, *bes*. Nakabawi na rin



naman ako sa pagpaligo ko sa kanya ng wine. Mahirap kayang tanggalin 'yon sa puting polo," nakangising tugon ni Athena.

"Iyan ang gusto ko sa 'yo, kahit kailan hindi ka talaga magpapaagrabyado."

"Sus, ako pa ba?" Inilagay na niya sa isang piping bag ang frosting para mai-design na sa cake na kaharap.

"At least hindi magiging stressful ang last day mo dahil day-off ngayon ng g\*gong 'yon."

Hindi na siya nagkomento at nag-concentrate na lang sa ginagawa. Isang waiter si Randolph sa *Sweet Dosage*. Halos araw-araw ay nakakasama niya ito sa trabaho kaya siguro siya na-develop. Pero lately, na-realize niya na hindi naman ganoon kalalim ang nararamdaman niya para rito at kung nagawa nga nitong lokohin siya, di hamak siguro na mas mababaw ang pagtingin nito sa kanya.

Nagsayang lang siya ng panahon. Dapat talaga itinuon na lang niya ang pansin sa trabaho, bakit ba kasi kung anu-ano ang naisipan niya at nag-boyfriend pa siya ng isang sira-ulo?

"Pero seriously, bakit kailangan mo pang mag-resign? Puwede namang ipatapon ko na lang ang ex mo sa Ilog Pasig kung ayaw mo talaga

siyang makita.”

Napangisi si Athena. “Mas bagay sa ’yong maging boss ng triad kaysa maging chef.”

“Oh? Nag-try akong mag-apply kaso sabi nila, overqualified daw ako.”

Pareho silang napahagigik sa kalokohan.

Ito siguro ang mami-miss niya sa *Sweet Dosage*, kakulitan niya na rin kasi ang mga kapwa empleyado sa kusina.

“Hindi ba puwedeng dito ka na lang?”

“Iona, kahit maglupasay ka sa sahig, hindi ko na mababawi ang resignation ko. Baka masakal pa ’ko ni Ma’am Mela,” tukoy niya sa manager doon.

“Ay nako, *peborit* ka n’on kaya baka magdiwang pa ’yon kapag nagkataon.”

Tinawanan lang ito ni Athena saka tinapos na ang final touches niya sa ginagawang cake. Napangiti siya sa kinalabasan ng mango peach cake na ginawa niya. “Para ka namang sira. Ang tagal ko nang sinabi ang balak kong ’to, ngayon ka pa nagrereklamo kung kailan paalis na ’ko.”

Lumabi ang kaibigan. “Eh bakit pa kasi kailangan mong umalis, okay ka na naman dito, di ba?”

“Sayang ang opportunity ’no! Saka nakapasa

na 'ko sa initial interview, pati na rin sa written exam. 'Yung final interview na lang ang kailangan kong bunuin at magiging official staff na 'ko ng sikat na restaurant na *Flavors of Asia*." Iniisip pa lang niya ang mangyayari, hindi na niya maiwasang ma-excite.

"Eh paano naman kung hindi ka pumasa?"

"Then, better luck next time. Isa pa, hindi ka ba naniniwala sa 'kin? *Yakang-yaka* ko 'yon 'no! Ako pa."

Hindi naman sa pagmamayabang pero talagang may malaking tiwala si Athena sa sarili pagdating sa passion niya sa baking. Isa pa, para saan ang ilang taon niyang pag-aaral kung mapupunta lang sa wala ang lahat?

"Oo na. Nagbubuhay ka na naman ng sala set mo. Pero mami-miss kita, dalaw ka dito kapag free ang oras mo ha? Alam mo namang mahal na mahal ko ang pastries na gawa mo."

Napangiti siya sa sinabi ni Iona. Inilibot niya ang tingin sa work station. "Basta alagaan n'yo si Owen, ah. Alam n'yo namang ang dami na naming pinagdaanan."

Napangiwi ang kausap. "Kahit kailan talaga, hindi ko maiwasang mawirduhan na pinangalanan mo ng 'Owen' ang oven natin dito."

“Ang cute kaya.” Ano ba’ng masama na pangalanan niya ang partner niyang oven? Ilang taon niyang nakasama iyon kaya may sentimental value na sa kanya. Kung may pera nga lang siya, baka bilhin na lang niya iyon. Kaso hindi naman iyon kasya sa tinutuluyan niya.

“Iba ang definition mo ng cute sa definition ko.”

“Parehas lang ’yon ng spelling.”

“Bahala ka na diyan.”

Napailing si Athena nang tuluyan na itong lumabas sa working station niya.

Saka niya na-realize na mag-isa na lang pala siya sa kusina. Tek, bakit walang tao? Hindi maiwasang magtaka, tinanggal niya ang suot na apron saka lumabas.

Nagulat ang dalaga nang may biglang pumutok na party popper paglabas niya ng kusina.

“Good luck, Athena!” sabay-sabay na sigaw ng mga kasamahan na naghihintay sa kanya sa labas.

“Ay bongga, may mga pa-despedida sila, o,” nakangiting komento niya.

“We wish you luck, Athena. Kapag sikat ka nang pastry chef, ’wag mo kaming kalimutan

ha?”

“Ma’am naman, kayo pa ba?” nakangiting turan niya.

Isinara ang buong shop para lang sa kanya at hindi niya maiwasang ma-overwhelm sa mga ginawa nito. Kaya bago pa siya maiyak with matching tulo-uhog ay nag-announce na siya, “Let’s party!”

Naghiyawan ang mga kasamahan at nagsimula na ang maliit na party para sa kanya.



*Eto na talaga ’yon.*

Parang ngayon lang tumimo sa isip ni Athena na nasa last stage na siya para maging pastry chef ng *Flavors of Asia*.

Inabisuhan sila na ang final interview ay magbe-bake siya ng cake na gusto nilang ihain sa mga customers. Kaya niyang mag-bake kahit pa nakapikit; ang problema lang niya ay kung makakapasa ang ginawa niya sa interviewer.

Inilibot niya ang tingin sa paligid. Tatlo silang sasalang para sa last test. Parehong magaganda ang credentials ng dalawang kasama niya; nakapag-aral sa ibang bansa at galing sa kilalang restaurants, habang siya ay mula sa isang di-kilalang pastry shop at ang tanging

mapagmamalaki niya ay ang kakayahan bilang isang patissier.

Napabuga si Athena ng hangin, alam niyang lamang na lamang ang mga ito sa kanya. At kahit na confident siya sa sariling kakayahan, pakiramdam niya, anumang oras ay kakaripas na siya ng takbo palabas dahil sa kaba. Pero siyempre, hindi niya gagawin iyon. Hindi siya pinalaking duwag ng mga magulang niya.

Sabay-sabay silang napatingin sa pintuan nang pumasok na ang mga interviewers.

Pumasok si Rainier, ang nag-interview sa kanya at manager ng restaurant. Kasunod nito ang isang pamilyar na bulto, naka-long sleeves polo, black slacks at black shoes. Para silang pinagpala dahil sa presensya nito.

He walked like he owned the whole place.

Kung nasa isang pelikula sila, baka ito na iyong scene kung saan nag-slowmo ang lahat nang makita ng bidang babae ang lalaki.

Ang kaso, naalala niya ang ginawa nitong pagtataboy sa kanya kaya biglang naputol ang kanyang pagpapantasya.

Pagkatapos, naalala niya rin ang ginawang maliit na kalokohan. Sigurado siyang markado na siya sa hit list ng lalaki.

Mag-sorry kaya siya? Nah, in the first place, may kasalanan din ito sa kanya kaya quits lang sila. Bakit naman siya matatakot? Wala siyang ginagawang masama.

Binalingan sila nito at nang magtama ang kanilang mga mata, matamis itong nginitian ni Athena. Pero ang lolo mo, deadma lang sa ginawa niya. Okay lang iyon; ibig sabihin hindi na siya nito naaalala.

“Everyone, please meet Mr. Daniel Vergara. He’s the owner and the head chef of *Flavors of Asia*.”

Ay, may K naman pala itong magsuplado nang ganoon! May ipagmamalaki naman pala. *Flavors of Asia* had been well-known for its variety of cuisines and top notch quality of foods and services. Ang alam nga ni Athena, nominated ang lugar bilang Restaurant of the Year.

Kaya nga determinado siyang makapasok bilang pastry chef sa ganoon kasikat na restaurant. Magkakaroon siya ng malawak na experience at maganda ring mailagay sa kanyang portfolio.

“All of the ingredients are prepared at your designated tables. We will evaluate your final product based on taste and your answer on why you created that specific pastry,” paliwanag ni

Rainier.

Ito na iyong point na pakiramdam ni Athena ay anumang oras mawawala sa kanyang ribcage ang puso niya dahil sa sobrang kaba. Pasalamat na lang siguro siya na kahit papano ay nawala ang pansin niya sa kung ano ang mangyayari dahil sa pagdating ni Daniel Vergara a.k.a. Mister Sungit.

Pero siyempre, hindi niya dapat hayaang pangibabawan siya ng takot. Isa pa, kung bigla na lang siyang aatras, sayang ang lahat ng mga pinagpaguran niya. Nandito na siya, alangan namang hindi pa niya ito tapusin.

“You have thirty minutes to make bite-sized pastries for us. You may start.” Pumuwesto na sila sa likod ng kanilang work table.

Sandali niyang tiningnan ang dalawang judge pero sa pangalawang pagkakataon ay muling nagtama ang mga mata nila ni Daniel. Hindi niya alam kung nagkataon lang ba o sadyang nakatingin ito sa kanya.

Ipinilig ni Athena ang ulo. Kailangan niyang mag-focus at gawin ang lahat para siya ang matanggap sa trabaho.

Hinayaan niyang ang kanyang experience ang mag-take over para matapos niya ang pastries na gusto niya. Sa mga ganitong pagkakataon,



wala siyang pakialam kung may nakatingin o nagsasalita sa harap niya dahil ang kanyang buong atensyon ay nasa ginagawa.

Nang matapos mailagay ang finishing touches sa dalawang bite-sized pastries na ginawa, hinarap na niya ang titikim ng mga iyon. Nauna ang dalawang kasama niya sa pagpipresent.

Ang una ay isang crème brulee ang inihain. Halata sa sagot nito na mataas ang pinag-aralan nito at walang duda na masarap ang gawa nito.

Ang pangalawa naman ay isang velvet cake, ang presentation nito ay top class, habang walang pag-aalinlangan ang mga sinagot sa tanong ni Mister Sungit.

Nang siya na, huminga muna si Athena nang malalim bago kinuha ang dalawang platito at inihain sa dalawa.

Kumpara sa dalawang nauna na isang pastry ang ginawa, dalawa ang sa kanya.

Inilagay niya sa harap ni Rainier ang blueberry cheesecake na ginawa niya habang dark chocolate eclair naman ang kay Daniel.

Tinikman muna ng mga ito ang ginawa niya bago may isinulat sa hawak na clipboard, saka siya binalingan.

“First of all, Miss Mendoza, bakit dalawa ang ihinain mo sa amin?” tanong ni Rainier.

“Yan kasi ang tingin ko ayon sa panlasa n’yo, Sir,” derechong sagot ni Athena. Bahala na si *Batman* kung ano man ang kalabasan nito, ang kaya lang niyang gawin ay maging tapat sa mga sagot.

“What do you mean?”

Napapitlag pa siya nang marinig ang baritonong boses ni Daniel. Sandali siyang napatanga rito. Iyon kasi ang unang beses na nakita niya ito nang malapitan. Epal lang ang mesa sa kanilang dalawa pero okay na sa kanya, tiba-tiba na ang katawang lupa niya sa kaguwapuhan nito.

“Miss Mendoza.”

Napakurap siya saka lang naalala na may tinatanong nga pala ito.

“Kasi, Sir, aminin man po natin o hindi, hindi lahat ng tao ay mahilig sa matatamis. As a pastry chef, dapat observant tayo sa needs ng customers. May mga babaeng masyadong maselan pagdating sa sweets dahil sa carbs and fats. May iba naman na ilag dito dahil na estado ng kalusugan nila like diabetic siguro, habang ang iba ay ayaw lang talagang kumain niyon.”

Umayos ng upo si Daniel. “What makes you think na ito ang dapat ihain sa amin ngayon?”

“Base lang naman po sa observation ko, si Sir Rainier po kasi hindi siya mahilig sa matatamis pero kumakain pa rin naman minsan so I decided to give him blueberry cheesecake naghahalo kasi ang tamis at asim, na sa tingin ko magiging akma sa panlasa niya. Kayo naman, Sir, hindi kayo mahilig sa matatamis base po sa observation ko kanina.” Ang totoo, napansin na iyon ni Athena noong una silang nagkita dahil black coffee ang iniinom nito nang umagang iyon. “Ang s’abi ni Nanay, ang pagkain daw ay repleksyon ng ugali ng isang tao at base sa pag-oobserba, madaling malalaman kung ano ang ayaw o gusto ng mga customers. Kailangan lang maging attentive at observant tayo sa mga tao sa paligid natin. Iyon lang po.”

Nagkatinginan sina Rainier at Daniel bago tahimik na may isinulat sa hawak na clipboards.

Marahas siyang napabuga ng hangin habang pinagkrus ang mga daliri, pinapanalangin na sana ay matanggap siya sa trabaho.

“Puwede na kayong magbihis at hintayin n’yo na lang kami sa labas habang nagde-deliberate kami.”

Tumango si Athena at sumunod sa dalawa pa niyang kasama. Nang matapos siyang makapagbihis ay ilang minuto pa ang hinintay nila bago sila muling binalikan ni Rainier.

Isa-isa silang pinapasok sa opisina, hanggang sa siya na lang ang natira. Hindi niya tuloy alam kung sino sa kanila ang nakapasa, paano walang lingon-likod na umalis ang mga kasama niyang aplikante. Mukha ba siyang invisible? Ni hindi man lang siya pinansin, nakakainis lang.

Nang tawagin na siya at pumasok siya sa silid, agad bumungad sa kanya ang isang malawak na espasyo na nagsisilbing opisina ng restaurant. Wall-to-wall ang carpet at tulad ng napansin niya sa condo ni Daniel, may pagka-minimalist din ang tema ng opisina.

“Miss Mendoza,” untag sa kanya ni Daniel na nakaupo sa swivel chair.

“Y-yes, Sir?” Tumikhim siya para hamigin ang sarili pero blangkong ekspresyon nito ang nakikita niya kaya wala siyang ideya kung ano ang iniisip ng lalaki. Kung naiba lang siguro siya, baka kanina pa siya kumaripas ng takbo. Mukha kasing itong mangangain ng tao kapag ganoon ang hitsura. Pero okay lang, at least, napagpapala ang mga mata niya sa pagtingin pa

lang sa kaguwapuhan nito.

“Congratulations, ikaw ang bagong pastry chef ng *Flavors of Asia*.”

“Ho?” Para siyang natulig sa sinabi nito. Sa galing ba naman ng mga kasabayan niya, siya pa talaga ang napili?

Hindi pa nagsi-sink in sa kanyang utak ang sinabi nito nang umandar na naman ang kasungitan ng kaharap.

“I don’t like repeating myself,” anito.

O, di ba, nasampulan na naman siya! Pero medyo nagulat si Athena nang tumayo ito at inilahad ang kamay sa kanya.

“Welcome to *Flavors of Asia*.”

Sa pagkakataon na iyon ay tinanggap niya ang palad nito. Magaspang iyon at halatang batak sa trabaho, hindi katulad ng mga tipikal na kamay ng mayayaman. Nang maglapat ang mga palad nila, kakaibang kuryente ang naramdaman niya.

Pakiramdam ng dalaga ay para siyang kiniliti at ang init na hatid niyon ay tumagos hanggang buto niya, wala sa sariling napatingin siya kay Daniel, pero bago pa niya maibuka ang bibig para itanong kung naramdaman din nito ang naramdaman niya ay binitawan na ng lalaki ang kanyang kamay.

“You’ll be starting tomorrow and I hope you’ll be on time. 6 A.M. sharp, maliwanag ba?”

“Yes, Sir,” pormal niyang sagot. Ito na ang boss niya ngayon. At malamang hindi na siya nito naalala. Kung hindi ganoon, hindi siya ang pinili nitong i-hire.

“Ikaw na ang bahala sa kanya, Rainier.”

“Okay, Sir.” Iminuwestra ng manager ang pintuan at nauna nang lumabas sa kanya.

“Athena.” Susunod na sana siya sa lalaki nang mapahinto pagkarinig sa tawag ni Mister Sungit — ay mali, Boss Sungit na pala. Pero hindi nakaligtas sa pandinig niya ang pagbanggit nito sa pangalan niya na para bang ang ganda-ganda niyon.

Ang weird pa, parang nakaramdam siya ng di-normal na pagtibok ng puso, na hindi katulad kaninang kinakabahan siya. Pakiramdam niya ay may kung anong mainit na bagay na biglang lumukob doon.

Ipinilig niya ang ulo para itaboy ang mga kaisipang iyon. Agad niyang hinanda ang matamis na ngiti.

“Yes, Sir?”

Umayos ito ng upo saka humalukipkip. “This doesn’t mean na hindi ko naalala ang atraso mo

sa 'kin.”

Nauwi sa ngiwi ang ngiti ni Athena. Akala pa naman niya, case closed na hindi pa rin pala.

Pero siyempre hindi siya papatalo 'no! “Sir, quits lang tayo.” Kumunot ang noo ng kaharap, halatang nagtataka kaya mabilis na siyang kumilos. “Bye, Sir! See you tomorrow,” aniya saka dali-daling lumabas.

Pagkatapos ng isang maikling briefing ni Rainier sa kanya, hinayaan na siya nitong makauwi.

Wala sa sariling tiningnan niya ang kamay na hinawakan ni Dan. Parang hindi pa rin siya maka-move on sa naramdaman kanina.

Palabas na siya ng restaurant nang maalala niyang tawagan ang kaibigan para sabihin ang magandang balita.

Hindi na siya makapaghintay na magsimula ng trabaho, para siyang timang na nakadikit ang cellphone sa tainga at nakangiting umalis sa lugar.

# Chapter Three



“Are you serious?”  
Parang gustong sikmuraan ni Dan ang kaibigang si Renz sa reaksyon nito. Kasasabi lang niya rito na ang newly hired pastry chef niya ay walang iba kundi ang babaeng tinulungan niya noong nakaraang linggo at siya ring pinaghihinalaan niyang nagbaliktad ng numero sa pinto ng condo niya.

“Mukha ba’kong nagbibiro?” naiiritang sagot niya sabay tungga ng beer.

“Mainit agad ang ulo? Para naninigurado lang,” nakangising sagot ng kaibigan.

Siya rin ay hindi inakala na ito ang Athena Mendoza na binanggit sa kanya ni Rainier na isa



sa mga nakapasa nilang aplikante.

“Alam mong iyong ayaw ko sa lahat ay ang mga taong nagbibingi-bingihan.”

“Iba ang naninigurado sa nagbibingi-bingihan. Grabe siya, nagsungit na naman.” Pero kitang-kita niya ang amusement sa mga mata nito.

Pumunta kasi ito sa condo niya nang umagang iyon pagkaalis ni Athena. Inakala nitong mali ang napuntahan dahil nakabaliktad ang numero ng condo niya. In short, ito ang nabiktima ng kalokohan ni Athena kaya ganoon na lang ang reaksiyon nito sa balita patungkol sa dalaga.

“But it’s such a coincidence na ang babaeng lasing na tinulungan mo ay walang iba kundi ang pastry chef n’yo ngayon. Kilala kita, Dan, metikuloso ka pagdating sa pagkuha ng mga bagong empleyado. What made you think na puwede siyang i-hire kung kagaya nga ng sinabi mo ay walang partikular na magandang credentials sa resumé niya?”

Uminom ulit siya ng beer. Tama ang sinabi nito, pero ang pinakanagustuhan niya sa presentation nito ay kung paano nito ikinu-consider ang customers di gaya ng dalawang aplikante. Hindi lang quality ng mga gawa ng

dalaga ang inuna nito kundi maging kung paano iyon maihahain sa mga kakain.

Hindi man kasi sabihin ng assistant niyang si Rainier ay sigurado siyang iyon ang nakita ng lalaki sa initial interview kaya ipinasa si Athena. Iyon ang hinahangaan niya sa manager niya. Madali nitong makita ang potential sa isang tao base lang sa mga nakalap nitong data.

“You’ll know once you meet her.” Iyon na lang ang nasabi ni Dan.

Muling sumagi sa kanyang isip ang muli nilang pagkikita kanina. Sigurado siyang sa isang tingin pa lang ay nakilala na siya ng dalaga, pero binigyan lang siya nito ng matamis na ngiti. Iyong ngiti ng isang bata na alam mong may kasalanan sa iyo, pero hindi mo magawang magalit dahil sa ka-cute-an.

Hindi rin niya maintindihan kung paano niya nagawang ikompara ang isang twenty-four-year-old sa isang bata, pero iyon ang nakikita niya.

“Fine fine, pero kung siya nga ’yong gumawa n’on sa unit number mo, hindi kaya siya rin ’yung babaeng nakasalubong ko sa elevator?”

Kunot-noong binalingan na niya ito. “Ano’ng sinasabi mo?”

“May naalala akong babaeng nakasalubong

n'ung papunta ako sa condo mo, she's wearing a little black dress and wedge sandals. Kung siya 'yon, ipakilala mo 'ko sa kanya ha? Type ko pa naman ang mga cute petites.”

Sa di-malamang dahilan, agad na nakaramdam si Dan ng inis, at pakiramdam niya, kapag ginatungan pa nito ang sinasabi ay baka bigla na lang niya itong undayan ng suntok.

Sinamaan niya ito ng tingin. “I don't like my employees to be involved with your shenanigans so f\*ck off.”

“Wow, masyadong protective boss, ni hindi pa nga nakakapag-umpisa sa 'yo 'yung tao.”

Sa kanila kasing magbabarkada ay si Renz ang pinaka-notorious pagdating sa mga babae. Ang hindi lang yata nito makanti ay ang mga kaibigan nilang babae na halos kasabay na nilang lumaki.

“Tigil-tigilan mo nga 'ko.” Inubos na niya ang iniinom na beer. “Uuwi na 'ko.”

“Oy, teka! Hindi pa tayo tapos mag-usap! Ipakilala mo na muna 'ko!”

Hindi na niya pinatulan pa ang kalokohan nito at umalis na sa bar. Mas mabuting magpahinga na lang siya kaysa patulan ang kalokohan ng kaibigan.



Alas seis en punto nang dumating si Athena sa *Flavors of Asia*. Pumasok siya sa employees entrance katulad ng bilin sa kanya ni Rainier nang nakaraang araw.

Pagbukas niya ng pinto, sumalubong sa kanya ang mga nagkakagulong kitchen staff, naghahanda na ng mga lulutuing putahe para sa araw.

Hindi niya alam kung sino ang kakausapin dahil busy ang mga tao hanggang sa may lumapit sa kanyang chef. Nang sabihin niya ang pangalan ni Rainier, itinuro siya nito sa opisina kung saan tinangunan siya ng manager bilang pagbati, bago siya inihatid sa magiging work station niya.

“She’s Laila. Siya ang magiging assistant mo kung may mga tanong ka. Siya na’ng bahala sa ‘yo.”

Tumango si Athena at iniwan na sila ng lalaki dahil may trabaho pa itong kailangang tapusin.

Nang makaalis ito, binalingan niya ang kasama. “Hi! I’m Athena,” nakangiting bati niya saka inilahad ang kamay na tinanggap naman ng babae.

“Hello, Ma’am, ako po si Laila.” Binitiwang na

nito ang kanyang kamay.

“You can call me ‘Athena,’ hindi ko trip ang awkward atmosphere, nakakapangit sa mga pastries na gagawin natin. Baka pareho pa tayong masisante ni Boss Sungit.”

Napahagigik ito. “Nakilala mo na pala si Sir Dan.”

“Oo, kahapon lang. ‘Kakatakot parang anumang oras, bubuga ng apoy.’ Siyempre hindi niya puwedeng sabihin na napatunganga ang beauty niya nang makita niya ang binata.

Tuluyan nang natawa ang kausap at hindi niya napigilang mapangiti dahil kahit paano ay naging komportable na ito sa kanya.

“Gan’on talaga si Sir, pero mabait ’yon.”

“Kailan, kapag bilog ang buwan?”

Iiling-iling na lang ito sa kalokohan niya. “Ano nga pala ang pastries na gagawin natin today?”

“Mamaya na tayo mag-bake. Maganda kasi kung tanungin muna natin ang mga chef kung anu-ano ang dish natin ngayong araw para maibagay natin ang gagawin nating cake. Anyway, alam mo ba ang preference ng mga kasamahan natin sa pagkain? Ipag-bake muna natin sila ng tinapay para sa almusal.”

Sumang-ayon si Laila sa sinabi niya at nag-umpisa na siyang mag-bake.

Matapos iyon, dinistribute na nila ang mga tinapay sa mga bagong katrabaho. Kahit nagtataka tinanggap naman ng mga ito ang tinapay. Kahit si Rainier ay naweirduhan sa ginawa niya pero hinayaan lang siya nito.

Sa ilang sandaling pakikipag-usap ni Athena sa mga kasamahan ay agad niyang nakapalagayan ng loob ang mga ito. Mukhang magiging maayos siya sa bago niyang trabaho.

Nang malaman ang mga dishes na ihahain sa araw na iyon ay sinimulan na ng dalaga ang trabaho. Mahirap nang masabon ng kanyang boss baka masagot lang niya ito nang wala sa oras at sa kangkungan na siya pulutin kapag nagkataon.



Pagkapasok pa lang ni Dan sa *Flavors of Asia* ay hindi na niya maiwasang makaramdam ng kakaiba. Katulad ng dati ay binati siya ng guwardiya habang ipinagbubukas ng glass door, binati rin siya ng mga waiters na nakakasalubong pero hindi pa rin maialis sa kanya ang nararamdaman. His staff were unusually lively this day.

Pinuntahan niya si Rainier sa opisina. Nagangat naman ito ng tingin mula sa binabasang papeles at agad na tumayo.

“Kadarating mo lang?”

Tumango siya at hindi naiwasang mapakunot-noo nang pati ito ay napansin din niyang kakaiba.

“Ano’ng meron?” hindi niya naiwasang itanong.

Ngumisi ang manager bilang sagot saka binuksan ang adjacent na pinto papunta sa kusina. As usual, busy ang buong kusina pero hindi katulad noon na kailangan pa ng supervision ng mga ito, tila naging maayos na ang daloy ng trabaho sa loob.

“What happened?”

“The Athena Effect.”

“What?”

Natawa ito sa pagtataka niya. “Si Athena, she’s a joy to the staff. Magaling siyang makisama at makihalubilo sa lahat. By the way, maganda ang response ng mga customers sa pastries natin; hindi iilang beses kaninang umaga na tinawag siya ng mga regulars natin para magbigay ng compliments sa mga gawa niyang bread and pastries.”

Hindi niya maiwasang ma-impress. Kung

ganoon ay naging tama ang desisyon nilang i-hire ito sa kabila ng lack of credentials nito.

Napahalukip si Dan. Hindi pa rin siya napapansin ng mga tao dahil busy sa kani-kanyang trabaho.

“Athena!” Nabaling ang atensyon nila sa kapapasok lang sa kusina.

“Ano? Sigaw ka nang sigaw, hindi ako bingi.” Mula sa isang panig ng kitchen ay lumabas ang dalaga na may bahid ng harina sa mukha at nakapusod ang lagpas-balikat na buhok.

Imbis na mapikon, nagtawanan ang mga nakarinig sa sinabi nito.

“Ano ba kasi’ng ginagawa mo sa loob?”

“Nakikipag-conference sa bago kong oven, close na kami.” Muling nagtawanan ang mga kasamahan nito.

Napakamot na lang sa ulo ang kausap ng bagong pastry chef. “Hay naku, tawag ka sa labas.”

“Na naman?” Hinipan nito ang tumabing na hibla ng buhok sa mukha. “Teka lang, maglalagay lang ako ng marami pang harina sa mukha para mapansin nilang busy ako. *May gas*, ang hirap maging sikat.” Pumasok ito muli sa loob.

Kahit si Dan ay bahagyang tumaas ang sulok



ng labi dahil sa kalokohan ng babae. Pero hindi katulad ng sinabi, maayos na ang mukha ni Athena nang sumunod kay Lemuel.

Sinundan niya ito ng tingin saka lumabas sa main door ng opisina. Magalang itong nakipag-usap sa customer na tumawag dito nagawa pa ngang mapatawa ang matandang mag-asawa na bago umalis ay bumili pa ng isang set ng pastries.

Napatango si Dan, tama ang sinabi ni Rainier. Bukod sa social skills ay magaling din ang babae sa sales talk.

Nang muli itong pumasok sa kusina ay sinundan niya itong muli. Gusto niya itong obserbahan nang mabuti. Kung tutuusin, dapat nasa probation pa lang ito pero dahil sa suggestion ni Rainier ay hinayaan na nila itong mag-umpisa nang regular na trabaho.

Ang akala nga niya noong una, dahil bago ito ay mahahirapan itong makihalubilo sa mga kasamahan, pero hinigitan nito ang inaasahan niya.

“Alright! Isang cake na naman ang out of stock!” nakangiting imporma nito sa loob.

“Isa lang ang ibig sabihin niyan, mag-bake ka daw uli,” kantiyaw ng isa.

“With pleasure, my dear. With pleasure.”

Akmang babalik na si Athena sa working station nang matigilan. “Teka, sa tingin n’yo ba puwede kong iuwi ang oven? In love na ’ko sa kanya.”

“Bawal kunin ang oven dito.” Napapitlag ito nang marinig ang boses niya saka siya nilingon. “Saka baka hindi ka pa nakakalabas dito, napat ka na sa laki n’on.”

“Grabe ka, Sir, tingin mo naman sa ’kin, duwende?”

Pinagtaasan lang ito ni Dan ng kilay. Kung ikukumpara ang taas nito sa height niyang 6’1”, mukha talaga itong duwende sa kanyang paningin.

“Sir, bakit kahit hindi ko naririnig ang sinasabi mo, napipikon ako? Palibhasa nasobrahan ka sa *Cherifer* kaya naging ganyan ka kalaki.”

“Cherry what?”

“*Cherifer*, Sir, ’yung afford ng mga yayamanin. Gatas lang kasi ang *keri* ko, pero kahit yata isang galon na’ng nalaklak ko, hindi pa rin ako tumangkad.”

*Bakit ba ang kulit ng isang ‘to?* hindi niya maiwasang itanong sa sarili. Para itong mini-Renz na times two ang kakulitan.

“Just get back to work!” Mauubusan siya ng pasensya sa isang ito.

“Aye aye, Sir!” Sumaludo pa ang babae saka siya iniwan, walang bakas ng kahit katiting na takot sa kanya.

Ang ibang mga empleyado niya ay nakatingin sa kanila; parang nagtataka kung bakit parang ganoon kakaswal ang pag-uusap nila ng babae. Sinamaan lang niya ng tingin ang mga ito at agad na nagsipagbalik sa trabaho.

Napailing ang binata, pagkatapos ay pumasok na sa opisina. Hindi niya akalain na ganoon kataas ang energy ng isang iyon para makipagkulitan sa kanya. Ano bang sakit sa ulo ang naipasok niya sa restaurant?

Napabuntong-hininga si Dan at naisipang tapusin na lang ang trabahong nakatambak sa kanyang mesa.



Marahas na napabuga ng hininga si Athena nang makapasok sa working station niya. Mabuti at kahit paano ay nagmukhang normal ang pakikipag-usap niya kay Dan kahit na ang lakas-lakas ng tibok ng kanyang puso.

Hindi niya kasi akalain na pupunta ito sa restaurant sa araw na iyon. Ang sinabi kasi ng assistant chef, madalang pumunta roon ang binata dahil may inaasikaso itong isa pang

negosyo. Sa kabila kasi ng pagiging head chef ni Boss Sungit, inaasikaso rin nito ang isang bar and restaurant na co-owned nito.

O, di ba first day pa lang niya doon, ang dami na niyang nalaman! Palitan na kaya niya si Boy Abunda? Ang dami niyang nasagap na balita, puwede na siyang tawaging chismis authority.

But anyway, daig pa niya ang kuryenteng nag-short circuit nang makita niya si Dan kanina. Nagkabuhol-buhol ang hininga niya saka biglang nag-shut down ang utak. Mabuti na lang at hindi siya nito nahalata kanina.

Pambihira, pangatlong beses pa nga lang niya itong nakita, ganito na ang reaksiyon niya ano ba'ng nangyayari sa brain niya? Ipa-MRI niya kaya? Kagagaling lang niya sa breakup, kalandian na agad ang iniisip, nakakaloka.

“O, ano’ng meron?” nagtataakang tanong sa kanya ni Laila. “Bakit parang nagkakagulo sa labas?”

Sandali niya itong iniwan kanina dahil ipinatawag siya ng customer. Ibinilin niya rito ang mga nakasalang na cake sa new best friend niyang oven.

“Ah, si Sir Dan.”

Napakurap ito. “Bakit ano’ng ginawa mo?”

“Ay grabe siya, ako agad? Wala nga ’kong ginagawa, eh, ang bait ko kaya.”

“Ikaw naman, nagtatanong lang. Oo nga pala, tapos na ’yung cake, nahalo ko na rin ang frosting.”

Agad niyang itinuon ang isip sa trabaho, para kahit paano malimutan ang Adonis na nagpaganda ng araw niya. Pero asa siyang mapansin nito. Ang mga ganoong uri ng lalaki ay bagay sa mga diyosa, hindi sa katulad niyang napakagandang mortal lang. Oo na, nagbubuhat ulit siya ng sariling bangko.

Pero anuman ng naiisip ngayon ng utak niyang baliktad, hindi na niya dapat sulsulan pa iyon at mag-focus na lang sa bago niyang trabaho. Mahirap maging mahirap kaya dapat kayod-marino siya ngayon, lalo pa at may pangarap siyang gustong matupad.

# Chapter Four



Mag-iisang linggo na rin si Athena sa trabaho at ilang beses pa lang niyang nakita si Dan. Madalas kasing ipinapasya na lang niyang maging busy sa trabaho. Isa pa, hindi rin biro ang demands ng mga customers. Halatang gustung-gusto ng mga ito ang mga gawa niya, lalo pa't hindi lang normal na desserts ang ibinebenta nila, mayroon silang mga non-fat pastries at healthy breads na siya mismo ang nag-develop.

Mas lalo lang tuloy niyang ibinaon ang sarili sa trabaho, pero masasabi pa rin niyang nage-enjoy siya. Ni minsan ay hindi pumalya ang energy niya sa pakikipagsabayan sa kakulitan

sa mga kasamahan.

“Athena.”

Napakurap siya nang marinig ang pagtawag ni Laila. Noon lang niya napansin na wala na palang tao sa kusina maliban sa kanila.

Sinipat niya ang wallclock at saka na-realize na tapos na ang oras ng trabaho.

“Uwian na ba?”

“Kanina pa po. Akala ko napansin mo na kaya nauna na ’ko sa locker room. Hindi pa pala.”

Napakamot siya sa noo, ganoon na ba siya ka-focused sa ginagawa at pati oras hindi na niya namamalayan?

Napatingin si Athena sa minamasang harina. Kailangan kasi niyang i-ferment iyon para madali na lang ang trabaho bukas ng umaga, pero hindi pa siya nangangalahati sa ginagawa. Nakita rin iyon ni Laila kaya bigla itong nag-alangang umalis.

“Ako na’ng bahala dito, Lai. Siguradong hinahanap ka na ng anak mo. Umuwi ka na, sandali na lang naman at matatapos na ’ko.”

“Sigurado ka? Mas mapapabilis kung tayong dalawa ang gagawa niyan.”

“Ay naku. Sige na, ako na’ng bahala. ’Wag nang makulit, ako lang ang may karapatang

maging gan'on.”

Natatawang nagpaalam na ang assistant sa kanya. Nang sumara ang pinto ng kusina ay nabalot ng katahimikan ang paligid niya.

Ayaw niya ng tahimik; pakiramdam kasi niya ay bumabalik siya sa panahong may malulungkot na alaala.

Ipinilig ni Athena ang ulo saka muling pinagtuunan ng pansin ang pagmamasa ng harina. Mas mabilis niyang matapos iyon, mas maaga siyang makakapagpahinga.

Lumipas ang oras nang hindi niya na naman namamalayan. Napapitlag tuloy siya nang may marinig na magsalita.

“Hindi ko maalalang nagbabayad ako ng overtime pay ng mga empleyado ko.”

Anak ng pitong tupa! Agad siyang nag-angat ng tingin. Akala niya may multo, pero laking gulat niya nang makita si Dan na nakasandal sa hamba ng pintuan; mukhang kanina pa ito naroon at ngayon lang kinuha ang atensyon niya.

“Andito pala kayo, Sir. Gabi na, ah.” Pilit niyang binalewala ang paghuhurumentado ng kanyang puso. Hindi niya dapat ipahalata na nagso-short circuit ang utak niya sa presensya nito.



“This is my restaurant I can go anytime I want. Ikaw ang hindi na dapat nandito dahil tapos na ang working hours.” Nakahalukipkip na ang lalaki.

Nagsungit na naman ang lolo mo, nakakaloka.

“Nagpaalam ako kay Sir Rainier ’no,” ingos ng dalaga saka inilagay sa isang container ang namasa nang dough bago iyon tinakpan ng cling wrap. Nang ilibot niya ang tingin sa table, noon lang niya napansin na tapos na pala ang mga natitira niyang trabaho.

Gusto niyang mapapalatak kung kailan kailangan niya ng distraction, ngayon pa ito nangyari.

“You really have a sharp tongue, you know.” Naghugas si Athena ng kamay; kailangang hindi niya makita ang mukha ng binata dahil kung hindi, mapapatanga na naman siya sa kaguwapuhan nito. Baka mamaya niyan isipin ni Dan na may diperensya siya sa utak, mawalan pa siya ng trabaho.

“Nakalimutan mo yatang may atraso ka pa sa ’kin.”

Natigilan siya. “Quits lang tayo, Sir, kung ikaw naman ’yung paaliisin na parang kuting, ewan ko na lang kung hindi ka mapikon.”

Tinaasan siya ng kilay ng kaharap. “Pagkatapos kitang tulungan? Patulugin sa condo ko at pakainin ng almusal, ikaw pa ang masama ang loob?”

Sa pagkakataong iyon, humarap siya rito at namaywang. “Dagdagan mo pa, kulang pa ’ata ang pambubugbog mo sa konsyensya ko, eh.”

Noon lang niya napansin ang pigil na ngiti ng binata sa mga labi. Nag-iwas si Athena ng tingin, kung hindi, magmumukha na naman siyang *eng-eng* sa harap nito.

*Syet, Bes!* Ang pheromones ay tumatambay sa paligid at parang gusto niyang manghuli ng isa saka itago sa bulsa niya... o kaya iyon mismong sanhi ng pagpa-palpitante niya ang iuuwi niya.

“Have you eaten?”

“Ha?” Teka, kailan sila nagpalit ng subject? Daig pa nito ang ipo-ipo sa bilis magbago ng isip, hindi niya masundan ang wavelength nito.

“Have. You. Eaten?”

Parang gusto niyang upakan si Dan nang magsalita ito na para siyang three-year-old. Ginawa na nga siya nitong duwende, itutulad pa siya sa batang paslit.

“Yes,” pasupladang sagot niya pero tinamaan ng lintik, biglang nagprotesta ang mga bulate

niya sa tiyan. Ang malala pa, ang lakas pang mag-ingay ng mga ito, goodbye pride! Kakahiyang life ito, *my gulay*.

“Really huh?” Tuluyan nang napangisi ang lalaki. Wala na, uwian na, may nanalo na ng Most Handsome Award.

Sasagot pa sana si Athena para kahit paano ay maisalba ang nag-walk out niyang pride pero another welga na naman ang narinig niya. “Hindi pa ’ko kumakain,” pagsuko niya.

Mas mabuti na iyon kaysa tuluyan nang kainin ng mga bulate niya sa tiyan ang laman-loob niya.

Napailing na lang ang amo sa kanya. “Kailan ka huling kumain?”

“Kaninang umaga ’ata.” Muling nag-ingay ang tiyan niya. “Oo, kaninang umaga pa nga.”

*#WorkIsLife* kaya pati pagkain ay hindi na niya napagtutuunan.

“Hindi kasama sa medical insurance ng mga empleyado ang ulcer dahil sa hindi pagkain sa tamang oras.”

“Oo na.” Mabuti pang umalis na siya at nang makakain na.

Pero humarang si Dan sa dadaanan niya. “At saan ka naman pupunta?”

Sinamaan niya ito ng tingin. “Uuwi na para makakain.”

“Nang ganyan? Baka sa labas pa lang, bigla ka nang himatayin sa gutom, maging headline ka pa bukas ng umaga.”

Napangiwi si Athena dahil kahit nakakaloko, may katwiran naman ang sinabi nito pero alangang i-magic niya ang pagkain niya para lang makakain siya.

Napabuntong-hininga ito na parang nawawalan na ng pasensya sa kanya.

“Fine. Stay.”

Wala sa sariling tumango siya saka ito umalis. Mga ilang minuto rin bago nag-sink in sa utak niya ang isang bagay.

Mukha ba siyang aso para utusan nang ganoon? *Kaka-bad trip ah!* Pero habang nag-iisip siya ng mga paraan kung paano gantihan ito sa pagtrato sa kanya, nakaamoy siya ng mabangong niluluto.

Wala sa sariling sinundan ng dalaga kung saan iyon nanggagaling, makita niya si Dan na nagluluto. Parang *déjà vu* ito noong nakita niyang nagluluto ang lalaki sa kusina ng unit nito.

Pero bago pa niya mapagnasaan ang malapad nitong likod, naghurumentado ulit ang tiyan niya

sa gutom. Namula ang mukha ni Athena nang lingunin siya ni Dan bago ito napailing at ibinalik ang tingin sa ginagawa.

Tahimik na lang siyang naghintay na matapos ito sa ginagawa, baka sakaling maambunan siya ng grasya.

Inilipat nito sa pinggan ang niluto saka inihain sa stainless table na naroroon. “Here. Eat.”

Itinuro ng dalaga ang sarili saka itinuro ang plato ng mukhang masarap na pasta dish. Tumango lang si Dan.

Napalunok si Athena. Pakiramdam niya ay naglalaway na siya kaya hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa at nagsimula nang kumain. Ni hindi niya napansin ang paglapag ni Dan ng baso ng tubig hanggang sa maubos niya ang kinakain.

“Ang sarap!” bulalas niya saka binalingan si Dan na katulad dati ay tahimik lang na nakamasid sa kanya. “Salamat.”

Hindi ito sumagot sa kanya at patuloy lang siyang tiningnan. Makapal ang mukha niya pero pagdating yata sa amo, hindi *keri* ng powers niya ang ganitong eksena. Lalo pa at paboritong pagpistahan ng mga mata niya ay

ang kaguwapuhan nito.

Mahirap nang mahuli with matching ebidensya. Wala nga siyang maikakatwiran, talo pa ang beauty niya.

“Sir Dan?” untag niya.

“Ano ’yon?”

“Sabi ko, salamat sa pagkain.”

“Ah...” Iyon lang ang sinabi nito bago kinuha ang plato niya saka idinerecho sa lababo para hugasan.

Hindi naman niya maiwasang humanga, unusual sa mga lalaki ang paghuhugas ng pinggan. Pero kahit ganoon ay macho pa rin ito sa paningin niya.

Nagdesisyon siyang linisin ang naiwan na working table bago nagpalit ng damit. Nagulat pa ang babae nang makitang nakatayo si Dan sa may pinto ng locker room.

“Sir naman, aatakinhin yata ako sa puso dahil sa ’yo,” aniyang sapo ang dibdib.

“Masyado ka pang bata para magkaroon ng sakit sa puso.” Nagpatiuna ito sa paglalakad.

Nagkibit-balikat si Athena sa sinabi nito. Wala rin namang silbi kahit mangatwiran siya dahil nga kahit anong sabihin niya, hindi sila pareho ng wavelength.

“Ano pa’ng ginagawa mo d’yan? Halika na.”

Tinangunan nito ang panggabing security guard, habang siya? Hayun, daig pa niya ang tumakbo sa marathon para lang makahabol dito.

Kung tutuusin, normal lang naman ang lakad nito, pero dahil sa laki ng height difference nilang dalawa, hirap siyang sumabay.

Huminto ito saka siya nilingon sabay banat ng “Ang bagal mo.”

Hindi niya maiwasang maasar. “Pasensya na, *Goliath*, ’yung isang hakbang mo kasi, tatlong hakbang ko na.” Hindi niya napigilan ang talas ng kanyang dila dahil nasaling na naman nito ang kawawang height niya.

As usual, kumunot lang ang noo nito bago siya hinintay sa malawak na parking lot ng restaurant. Nang maabutan ito ay sabay na silang naglakad pero hindi nakaligtas sa obserbasyon niya na sadya nitong binagalan ang paglalakad para lang masabayan siya.

Lihim siyang kinilig sa ginawa ni Dan; ganoon nito kabilis binura ang pagkaasar niya. Ang suwerte siguro ng magiging girlfriend nito. Alam niyang single ang lalaki, siyempre magaling siya pagdating sa pagkuha ng mga impormasyon na kailangan niya, kaya naman alam niyang

libreng pangarapin ang *maskels* nito dahil wala siyang kaagaw sa favorite chef niya.

“Ihahatid na kita sa inyo,” anito saka binuksan ang pinto ng isang magarang kotse. Hindi siya familiar sa modelo niyon, pero kilala niya ang tatak niyon na *Volvo*.

“Sir, kahit sa may sakayan n’yo na lang ako ihatid.” Hindi naman ganoon kakapal ang mukha niya.

“Gabi na, baka kung mapaano ka sa daan.”

“Hindi, Sir, okay lang talaga. Abusado naman ako masyado, pinakain n’yo na nga ako, ihahatid n’yo pa ko?” katwiran ni Athena.

“Hindi ka naman nagreklamo sa ’kin nung nakaraan hindi ba?”

Ipaalala daw ba?

“Sige na, Sir, sa sakayan na lang talaga.”

“Kung ayaw mong masabihang abusado, bayaran mo na lang ’yung kinain mo kanina.”

Napamulagat siya sa sinabi ni Dan. Para yatang nawala ang pagod niya sa sinabi nito at umandar na naman ang kuripot mode niya. “Sir, hindi n’yo ba alam kung magkano isang dish dito sa ’tin? Kulang limang daan! Kakarampot na nga lang sahod ko, babawasan n’yo pa ng five hundred?”



“Alam ko kung magkano ang suweldo mo, nakakalimutan mo yatang ako ang boss mo at kahit kailan hindi ako nagpapasuweldo sa mga empleyado ko nang kakarampot.”

Napakamot na lang sa noo ang dalaga. Bakit ba lagi siyang nasosopla nito sa lahat ng sabihin niya? “Sa may sakayan mo na nga lang ako ihatid, Sir.”

Nakipagtitigan muna ito sa kanya hanggang sa sa wakas ay sumuko na rin. Siya naman ay hindi maiwasang mapangisi.

Napailing na lang ang lalaki saka pinaandar na ang kotse.

Ang ganda ng exit ng araw na ito sa kanya, lalo pa’t ang driver niya ay walang iba kundi si Boss Sungit.